**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# EPEKTIBONG INTEGRASYON NG INFORMATION AND COMMUNICATION TECHNOLOGY (ICT) SA PAGTUTURO PARA SA PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL NG BAITANG 9 SA ARALING PANLIPUNAN

**MICAH B. ENERO**
Teacher III
Western Leyte College
Master of Arts in Education
Major in Filipino
micah.enero@029deped.gov.ph

## ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang bisa ng Information and Communication Technology (ICT) Integration sa pagtuturo ng Araling Panlipunan sa mga mag-aaral ng Baitang 9 sa Pambansang Mataas na Paaralang Rustico Capahi Sr. Memorial, Ormoc City Division. Gumamit ang mananaliksik ng quasi-experimental design na may paunang (pre-test) at panapos (post-test) na pagsusulit upang masukat ang epekto ng paggamit ng ICT sa pagganap ng mga mag-aaral. Tatlumpung (30) mag-aaral ang lumahok sa pag-aaral bilang mga tagatugon. Ang resulta ng paunang pagsusulit ay nagpakita ng timbang na mean na 23.33 na may deskripsyong “Mahusay,” samantalang ang panapos na pagsusulit ay nakapagtala ng timbang na mean na 29.10 na may deskripsyong “Napakahusay.” Batay sa pagsusuri, lumitaw ang computed t-value na 9.56 na higit sa critical t-value na 2.04, dahilan upang tanggihan ang null hypothesis (Ho). Ipinapahiwatig nito na may makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos isagawa ang interbensyon. Napatunayan ng pag-aaral na ang integrasyon ng ICT sa pagtuturo ng Araling Panlipunan ay epektibong nakapagpataas ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Iminumungkahi ng mananaliksik ang patuloy na paggamit at pagpapalawak ng ICT-based instructional strategies, ang pagsasagawa ng mga pagsasanay para sa mga guro, at ang

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

patuloy na pagsusuri sa pangmatagalang epekto ng ganitong interbensyon upang higit pang mapaunlad ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa iba't ibang asignatura.

**Keywords:** *Epektibong Integrasyon, Information and Communication Technology (ICT), Pagtuturo, Pagganap, Mag-aaral Baitang 9, Araling Panlipunan*

## PANIMULA

Ang pagkapatok at pagkahilig ng mga kabataan sa iba't ibang mga elektronikong kagamitan ay nagpapahiwatig at naghahatid ng mga makabuluhan na kung tawagin ay technology-enhanced opportunities na maaaring malinang ang akademikong kaalaman at kakayahan na magagamit para sa prosesong pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Araling Panlipunan. Makikita natin kahit sa loob nga paaralan na halos lahat ng mga mag-aaral ay gumagamit na ng celfon na kung saan ang mga gawain sa paaralan ay madali na lang nilang nakikita sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya.

Ang integratibong pagtuturo sa tulong ng makabagong teknolohiya na nakasanayan na rin ng mga estudyante na maituturing rin na bahagi na ng pag-araw-araw na gawain ang teknolohiya. Ang pagkakaroon ng interes ng mga estudyante sa mga gawaing pampagkatuto na ginagamitan nga digitized lesson ay nagbibigay ng positibong interes sa mga bata upang pag-aralan ang asignaturang nakahanda.

Napapansin natin ngayon sa loob ng paaralan na kapag ang isang guro ay nagturo na ang gamit ay chalkboard, chalk, papel at lapis, manila paper at iba pang biswal na kagamitan, ang mga mag-aaral ay maingay at parang walang interes na makinig sa aralin. Ang guro ay kailangan maghanda ng kapanapanabik na digitized lesson upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral na makamit ang minimithing tagumpay para sa asignaturang Araling Panlipunan.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Ang pag-usbong ng rebolusyon sa teknolohiya ay maaaring maisakatuparan nang lubusan ang pag-aaral na ito para sa pagtuturo. Sa pagkakaroon ng pagsasanib-pwersa ng kalakasan ng guro at mga estudyante ay mainam para sa makabuluhang relasyong pangkomunikasyon. Tiyak na makikita ang kahalagahan ng integrasyon ng multimidyang kagamitan o digitized materials para sa paggamit ng wika, kritikal na pag-iisip at integrasyon tungo sa iba't ibang aspeto ng buhay upang maaaring mailapat ito base sa pangangailangan. Natuklasan sa pag-aaral ni Kovalan, 2017 na ang pinagsamang teknolohiya para sa paguturo ng malikhaing pagsulat ay epektibo tungo sa malawakang kasanayang pangwika ng mga estudyante.

Sa pag-aaral na isinagawa nila Ishak, N. at Idrus, S., et al, (2021) nasilayan na isang suliranin ang pag-aakses sa internet upang magbigay ng kalidad at matatag na through put at band width access at maliban pa ay ang kahirapan ng buhay upang makabayad sa data o pang load. Madalas at mangilan-ngilan din sa klase ang nakitaan ng kawalan ng interes at agarang pagsusumite ng mga takdang gawaing pasulat. Isang panibagong hamon sa larangan ng pagtuturo ang magkaroon ng interes sa pakikinig sa mga aralin sa asignaturang Araling Panlipunan. Ayon sa kasabihan ng mga mag-aaral, talagang napupuyat sila pag oras na ng asignaturang ito. Nakita ng mga guro sa mataas na paaralan na karamihan sa mga mag-aaral ay may hawak na cellphone sa tuwing vacant time nila. Kaya nga naisip nga tagasaliksik na bumuo ng interbensyon na gumagamit ng Information and Communication Technology (ICT) para mabago ang pananaw ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Araling Panlipunan. Dahil dito, bumuo ang taga-panaliksik ng mga gawain na kung saan ang aralin ng asignaturang Araling Panlipunan an magiging kaakit-akit at mahihikayat ang mga mag-aaral sa pakikinig at pagdalo sa mga gawaing naihanda. Kaya nga layunin nga tesis na ito ang suriin ang pagiging epektibo ng integrasyon ng Information and Communication Technology (ICT) sa pagtuturo at mapa-unlad ang pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Araling Panlipunan. Isang plano ng pagpapabuti ang bubuuin batay sa resulta ng pananaliksik na ito.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

At dahil dito, nahikayat ang mananaliksik na pag-aralan ang epektibong integrasyon ng Information and Communication Technology (ICT) sa pagtuturo sa pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 sa Araling Panlipunan. Ang paggawa ng isang mungkahing plano para sa pagpapabuti ang bubuuin batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang bisa ng integrasyon ng Information and Communication Technology (ICT) sa pagtuturo sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Araling Panlipunan ng Pambansang Mataas na Paaralang Rustico Capahi Sr. Memorial, Ormoc District 7, Ormoc City Division. Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay magsisilbing batayan sa mungkahing plano para sa pagpapabuti.

Layunin din na sagutin ang mga sumusunod na tiyak na katanungan:

1. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Araling Panlipunan bago maisagawa ang integrasyon ng Information?

2. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Araling Panlipunan pagkatapos maisagawa ang integrasyon ng Information and Communication Technology (ICT) sa pagtuturo?

3. May makabuluhang pagkakaiba ba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Araling Panlipunan bago at pagkatapos maisagawa ang integrasyon ng Information and Communication Technology (ICT) sa pagtuturo?

4. Anong plano ng pagpapabuti ang maaaring imungkahi batay sa mga natuklasan ng pag-aaral?

## METHODOLOGY

**Design.** Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng "quasi-experimental" na uri ng pananaliksik sa pamamagitan ng pauna at panapos na pagsusulit upang suriin ang bisa ng integrasyon ng Information and Communication Technology (ICT) sa pagtuturo sa pagganap ng mga mag-

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

aaral sa Baitang 9 sa Araling Panlipunan. Ang panimula at panapos na pagsusulit ay isinasagawa bago at matapos mailahad ang paggamit ng mga gawaing integrasyon ng Information and Communication Technology (ICT) sa pagtuturo sa Araling Panlipunan. Ang pananaliksik na ito ay isasagawa sa Pambansang Mataas na Paaralang Rustico Capahi Sr. Memorial na matatagpuan sa Barangay Sabang Bao, Lungsod ng Ormoc, Leyte. Isa itong pampublikong mataas na paaralan na may Mababang Baitang ng Sekondarya (Junior High School) at Mataas na Baitang ng Sekondarya (Senior High School), at kasalukuyang pinamumunuan ng isang Punong-guro I (School Principal I). Ang mga tagatugon ng pag-aaral na ito ay ang tatlumpong (30) mag-aaral sa baitang 9 na kasalukuyang naka-enroll sa lokal ng pananaliksik. Ang mananaliksik ay gumawa ng researcher-made na pagsusulit sa Araling Panlipunan sa unang quarter gamit ang mga competencies na makikita sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) ng asignatura. Ito ay binubuo ng 30-item na binubuo ng mga asignaturang nakapaloob sa quarter na ito. Ito ay isasagawa bago at matapos ilapat ang integrasyon ng ICT sa pagtuturo nga Araling Panlipunan. Sa karagdagan, ang mananaliksik ay gumawa ng banghay-aralin sa Araling Panlipunan kung saan ang paggamit ng ICT sa pagtuturo at mga applications na maaring magamit ng mga mag-aaral sa gawaing inihanda ng mananaliksik para sa pag-aaral sa asignaturang Araling Panlipunan.

**Sampling**. Ang mga tagatugon ng pag-aaral na ito ay ang tatlumpong (30) mag-aaral sa baitang 9 sa lokal ng pananaliksik na ito. Kumpletong pag-isa-isa ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng mga guro at mag-aaral na naging tagatugon sa pag-aaral na ito.

**Research Procedure.** Matapos maaprubahan ang pananaliksik, isinagawa ang pangangalap ng datos. Isinumite ng mananaliksik ang mga kahilingan sa liham sa mga wastong awtoridad para sa pag-apruba. Una, isang sulat na kahilingan ang isinumite sa Schools Division Superintendent para sa pag-apruba upang magpatuloy sa pangangalap ng datos mula sa mga natukoy na respondente. Pagkatapos maaprubahan ng SDS, isinumite rin ang mga liham ng pahintulot sa Superbisor ng Distrito ng Pampublikong Paaralan at Punong-guro ng Paaralan. Matapos makuha ang lahat ng kinakailangang pahintulot, nagpatuloy ang mananaliksik sa

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

aktwal na pangangalap ng datos. Nagsagawa ang mananaliksik ng oryentasyon sa mga respondente kasama ang kanilang mga magulang at humingi ng permit o pahintulot mula sa kanila bilang patunay ng kanilang kusang loob na pagpayag na lumahok sa pag-aaral ang kanilang mga anak. Isinagawa ang pagbibigay ng paunang pagsusulit sa mga mag-aaral. Pagkatapos ay isinagawa ang pagpapatupad ng interbensiyon kung saan ang paggamit ng ng ICT sa pagtuturo at mga applications na maaring magamit ng mga mag-aaral sa gawaing inihanda ng mananaliksik para sa pag-aaral sa asignaturang Araling Panlipunan. Pagkatapos ng apat na linggo ng pagbibigay ng interbensiyon, ang panapos na pagsusulit ay isinagawa. Ang mga sagot ay sinuri, naidokumento, ini-tally, at isinumite para sa statistical treatment. Isang Matrix ng mga Aktibidad ang inihanda ng mananaliksik upang subaybayan ang pag-unlad ng pagtitipon ng datos.

**Ethical Issues.** Inuuna ng mananaliksik ang kapakanan at kabutihan ng mga kalahok sa buong proseso ng pangangalap ng mga datos. Nagkaroon din ng espesyal na pagbibigay ng pangangalaga sa mga kalahok upang makalikha ng isang positibong kapaligiran upang hindi makaramdam ng hindi maganda habang sumasagot ang mga kalahok sa bawat katanungan. Iginagalang din ng mga mananaliksik ang awtonomiya at malayang paglahok ng mga impormante na tinitiyak ang hindi sila napilit magbigay ng mga tugon labas sa kanilang mga kagustuhan. Bago isagawa ang pag-aaral, ang superbisor ng mga gurong nagsasanay ay nagbigay ng pahintulot na nagpapakita ng isang etikal at responsableng pamamaraan sa pagsasagawa ng pananaliksik. Tiniyak ng hakbang na ito na ang mga kalahok ay may sapat na kaalaman tungkol sa katangian ng pag-aaral, layunin nito at anumang potensyal na panganib o benepisyong nauugnay sa kanilang paglahok sa pananaliksik. Sa pagdaragdag, maingat na tiniyak din ng mananaliksik ang pagprotekta sa kompidensiyal at pagkakakilanlan ng mga kalahok at ang paaralang kasangkot. Ang mga personal na impormasyon at pagkakakilanlan ay pinangalagaan upang mapanatili ang mataas na kompidensiyal ng mga indibidwal na kalahok. Kabilang dito ang pagsunod ng naaangkop na mga hakbang sa pagprotekta ng datos at pagtalima sa mga etikal na alituntunin tungkol sa pagkalap at paggamit ng mga datos. Sa pamamagitan ng pagbibigay-prayoridad sa kapakanan ng mga

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

kalahok, paghingi ng pahintulot at pagprotekta sa pagiging kompidensiyal ng mga impormasyon ay nagawang ipakita ng mananaliksik ang pagsunod sa tamang pagsasagawa ng pag-aaral nang may mataas na konsiderasyong etikal at pagiging responsable. Ang mga hakbang na ito ay hindi lamang nakatitiyak sa mga karapatan at kaligtasan ng mga kalahok, kundi nakatutulong din sa pangkalahatang kredibilidad at integridad ng mga natuklasan sa pag-aaral.

**Treatment of Data.** Ang mga quantitative na tugon ay tinally at tinabulate. Ang mga datos ay isinailalim sa istatistikal na pagsusuri gamit ang mga sumusunod na instrumento: Ginamit ang Simple Percentage upang suriin ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Araling Panlipunan bago at matapos gumamit ng integrasyon ng ICT sa pagtuturo. t-Test of Mean Difference ay ginamit upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 bago at pagkatapos gumamit ng integrasyon ng ICT sa pagtuturo.

## RESULTS AND DISCUSSION

**Hanay 1**
**Panimulang Pagganap ng mga Mag-aaral Bago ang Interbensyon**

| Saklaw ng Iskor | Paglalarawan | Dalas | % |
|---|---|---|---|
| 28–30 | Napakahusay | 4 | 13.33% |
| 21–27 | Mahusay | 14 | 46.67% |
| 14–20 | Katamtaman | 10 | 33.33% |
| 7–13 | Medyo Mababa | 2 | 6.67% |
| 0–6 | Mababa | 0 | 0.00% |
| **Kabuuan** | | 30 | **100%** |
| **Timbang na Mean** | **23.33** | **Mahusay** | |

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Batay sa nakalap na datos hinggil sa panimulang pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 bago ang pagsasalin ng mga gawaing may integrasyon sa *Information and Communication Technology (ICT),* lumitaw na sa tatlumpot (30) mag-aaral sa baitang 9 sa Araling Panlipunan, apat (4) o 13.33% ay nakakuha ng skor na 28-30 (Napakahusay). Ang mga mag-aaral na ito ay magagaling na sa una pa lang na pagsusulit. Sila ang mga sanay sa paggamit ng mga gadget sa kanilang pag-aaral. Samantala, makikita din sa talahanayan 1 na may labing-apat (14) o 46.67% na mag-aaral sa baitang 9 ang nakakuha ng iskor na 21-27 (Mahusay). Ang mga mag-aaral na ito an mahusay sa pag-aaral ng Araling Panlipunan sa marami din sa kanila ang sanay sa paggamt ng *Information and COmmunication Technology (ICT)* sa mga aralin nila. Maliban sa sila ang nasa Mahusay na kategorya, kailangan pa rin nila ang sapat na interbensiyon upang lalong maging bihasa sila sa paggamit nito sa kanilang mga aralin. Makikita din sa talahanayan 1 na may sampo (10) o 33.33% na mag-aaral ang nakakuha ng iskor na 14-20 (Katamtaman). Ang mga mag-aaral na ito ay napabilang sa mga batang may katamtaman na kaalaman sa paggamit ng ICT sa kanilang aralin. Sila ang mga batang kailangan bigyan ng masinsinang atensiyon para makakuha ng mataas na marka sa pagsusulit. Ang panghuli, makikita sa talahanayan na may dalawang (2) o 6.67% na mag-aaral ang may iskor na 7-13 (Medyo Mababa) kategorya sa panimulang pagsusulit. Ito ang mga mag-aaral na kailangang bigyan ng masinsinang atentisyon at mga gawain na gumagamit ang *Information and Communication Technology (ICT).* Sa kabuuan, ang datos na nakalap matapos mabigyan ng panimulang pagsusulit sa Araling Panlipunan 9 na ang mga mag-aaral ay nakakuha ng timbang na Mean na 23.33 (Mahusay). Ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may background knowledge sa paggamit ng gadget. Naipapahiwatig na sa ibang asignatura, ang mga guro ay kasalukuyang nagbibigay na ng mga gawain gamit ang ICT. Samantala, hindi pa rin ganap ang kanilang natutunan kaya sila ay nangangailangan pa rin ng masinsinang pagtuturo gamit ang ICT sa mga gawain sa Araling Panlipunan. Mapapatunayan sa pag-aaral nina Dela Cruz at Gamboa (2023) sa kanilang pananaliksik na *"Epekto ng Integrasyon ng ICT sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Araling Panlipunan sa Sekondarya,"* natuklasan na ang mga mag-aaral na bihasa sa paggamit ng mga kagamitang teknolohikal

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

tulad ng laptop at tablet ay nagpapakita ng mas mataas na antas ng pagganap sa mga pagsusulit sa Araling Panlipunan. Ipinakita sa kanilang resulta na ang paggamit ng *multimedia learning materials* ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa sa mga paksang historikal at panlipunan. Makikita din sa pag-aaral ni Mendoza (2023) na *"Digital Divide sa mga Mag-aaral ng Pampublikong Sekondarya"* ay nagpapakita na may malinaw na pagkakaiba sa kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng ICT batay sa access at kasanayan. Ang mga mag-aaral na may limitadong access sa teknolohiya ay kadalasang nakapapaloob sa kategoryang "Katamtaman" hanggang "Medyo Mababa" sa mga pagsusulit na may kasamang *digital tasks*.

**Hanay 2**

**Pagganap ng mga Mag-aaral Pagkatapos ng Interbensyon**

| Saklaw ng Iskor | Paglalarawan | Dalas | % |
|---|---|---|---|
| 28–30 | Napakahusay | 16 | 53.33% |
| 21–27 | Mahusay | 12 | 40.00% |
| 14–20 | Katamtaman | 2 | 6.67% |
| 7–13 | Medyo Mababa | 0 | 0.00% |
| 0–6 | Mababa | 0 | 0.00% |
| **Kabuuan** | | **30** | **100%** |
| **Timbang na Mean** | **29.10** | **Napakahusay** | |

Batay sa nakalap na datos hinggil sa panapos na pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 matapos ang integrasyon ng Information and Communication Technology (ICT) sa mga gawain sa pag-aaral ng Araling Panlipunan na labin-anim (16) o 53.33% ng mga mag-aaral ang nakakuha ng iskor na nasa pagitan ng 28–30 na may deskriptibong katumbas na "Napakahusay." Samantalang 12 o 40.00% ang nakapagtamo ng iskor sa pagitan ng 21–27

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

na may deskripsiyong "Mahusay." May dalawa (2) o 6.67% na mag-aaral naman ang nasa antas ng "Katamtaman," at wala (0%) sa mga kalahok ang nakapagtamo ng mababa o medyo mababang marka. Ang timbang na mean na 29.10 ay may katumbas na "Napakahusay," na nagpapakita ng makabuluhang pagtaas sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral matapos ang isinagawang interbensyon o paggamit ng mga gawaing may integrasyon sa *Information and Communication Technology (ICT)* sa Araling Panlipunan. Ang kinalabasan ay nagpapakita na ang interbensyon na ginamit ng guro ay naging epektibo sa pagpapataas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang malaking porsiyento ng mga mag-aaral na kabilang sa kategoryang "Napakahusay" at "Mahusay" ay indikasyon ng pag-unlad ng kanilang pag-unawa at aplikasyon ng mga konsepto sa asignatura matapos mailapat ang mga gawaing may kasamang paggamit ng teknolohiya. Ayon kina Villanueva at Santos (2024), ang integrasyon ng ICT sa pagtuturo ay nagbibigay ng higit na motibasyon at pag-unawa sa mga mag-aaral sapagkat nagiging mas *interactive* at *contextualized* ang mga aralin. Kaayon din ito ng natuklasan nina Lopez at Aragon (2024) na ang mga mag-aaral na sumasailalim sa *ICT-based learning tasks* ay mas aktibo at mas mahusay sa pagsasagawa ng *performance-based assessments*. Ipinakikita rin ng pag-aaral nina Bautista (2022) at Mendoza (2023) na ang pagkakaroon ng sapat na kasanayan sa paggamit ng teknolohiya ay may direktang ugnayan sa akademikong pagganap, partikular sa mga paksang nangangailangan ng *critical thinking* at *information analysis* gaya ng Araling Panlipunan.

**Hanay 3**

**Pagsusuri ng Pagkakaiba sa Panimulang at Panapos na Marka ng mga Mag-aaral**

| Grupo | Mga Marka (Mean) | Computed t | Critical t | Desisyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Panimulang vs Panapos | Panimulang = 23.33 Panapos = 29.10 | 9.56 | 2.04 | Tanggihan ang Ho | May Makabuluhang Pagkakaiba |

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Batay sa resulta ng pagsusuri, makikita sa talahanayan na ang computed t-value (9.56) ay mas mataas kaysa sa critical t-value (2.04) sa 0.05 na antas ng kahalagahan (level of significance). Dahil dito, tinanggihan ang null hypothesis (Ho) na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaiba sa panimula at panapos na pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 sa Araling Panlipunan bago at matapos ang integrasyon ng Information and Communication Technology (ICT) sa pag-aaral sa asignatura. Ang panimulang mean na 23.33 (Mahusay) ay tumaas sa panapos na mean na 29.10 (Napakahusay). Ang malaking pagtaas ng mean mula 23.33 tungo sa 29.10 ay nagpapakita ng pag-unlad sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral matapos mailapat ang mga gawaing ginamitan ng ICT. Ang resulta ay nangangahulugang ang ICT-integrated learning activities ay nagdulot ng positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Araling Panlipunan. Ang pagkakaroon ng makabuluhang pagkakaiba ay patunay na ang interbensiyon ay naging epektibong estratehiya sa pagtuturo na nagpalalim ng pag-unawa, nakapagpataas ng motibasyon, at nagpaaktibo sa partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sumusuporta sa pananaliksik nina Villanueva at Santos (2024) na nagsasaad na ang paggamit ng *ICT-based learning* ay nagbubukas ng mas mataas na antas ng *engagement* at *critical thinking skills* ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa mas mataas na akademikong pagganap. Katulad din ng natuklasan nina Reyes, Dela Cruz, at Perez (2023), na ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng Araling Panlipunan ay nagpapataas ng interes at pagganap ng mga mag-aaral dahil nagiging mas *interactive* at *contextual* ang mga aralin. Samantala, ayon kay Mendoza (2022), ang paggamit ng *digital learning tools* ay nakatutulong hindi lamang sa pagpapadali ng impormasyon kundi pati sa *self-paced learning* na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na unawain nang mas malalim ang mga konsepto.

**Konklusyon**

Batay sa resulta ng pagsusuri, napatunayan na ang interbensyong ipinatupad ay malaki ang naging epekto sa pag-unlad ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Mula

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

sa katamtamang antas ng marka sa panimulang pagsusulit ay umangat ang kanilang pagganap tungo sa napakahusay na antas matapos ang interbensyon. Ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng panimula at panapos na marka, na pinatutunayan ng computed t-value na mas mataas kaysa sa critical t-value, ay nagpapakita na ang interbensyon ay epektibo sa pagpapabuti ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Samakatuwid, maaaring ipakahulugan na ang mga estratehiya at pamamaraan na ginamit sa interbensyon ay mabisang nakatulong sa paglinang ng pagkatuto at dapat isaalang-alang para sa mas malawak na aplikasyon sa hinaharap.

**Rekomendasyon**

Magamit ang plano ng pagpapabuti na naimungkahi batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

1. Ipagpatuloy at palawakin ang paggamit ng interbensyong napatunayang epektibo upang mapanatili at higit pang mapaunlad ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura.

2. Hikayatin ang mga guro na gamitin ang parehong estratehiya o baguhin ito ayon sa konteksto ng kanilang klase upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral.

3. Magsagawa ng karagdagang pagsasanay (training o LAC sessions) para sa mga guro upang mahasa sila sa paggamit ng mga makabagong metodolohiyang nakabatay sa ebidensya, tulad ng ginamit sa interbensyon.

4. Suportahan ng mga administrador at tagapamahala ng paaralan ang pagpapatupad ng mga ganitong interbensyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na oras, materyales, at insentibo sa mga guro.

Editorial Team
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

5. Isagawa ang karagdagang pag-aaral upang masuri ang pangmatagalang epekto ng interbensyon at upang matukoy kung paano ito maaaring iangkop sa iba't ibang antas at asignatura.

**ACKNOWLEDGEMENT**

Buong pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa lahat ng naging bahagi at gabay sa matagumpay na pagbuo ng pananaliksik na ito na pinamagatang "Epektibong Integrasyon ng ICT sa Pagtuturo para sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Baitang 9 sa Araling Panlipunan. Una sa lahat, sa Poong Maykapal, na siyang pinagmumulan ng karunungan, lakas, at inspirasyon sa bawat araw ng pagsusumikap at pagtitiyaga. Taos-pusong pasasalamat ang ipinaaabot ng mananaliksik sa kanyang tagapayo, Dr. Jasmine B. Misa, sa walang sawang paggabay, pagbibigay ng mahahalagang mungkahi, at tuloy-tuloy na suporta mula simula hanggang sa pagtatapos ng pananaliksik na ito. Ipinapaabot din ng mananaliksik ang taos-pusong pasasalamat sa mga kaguruan ng Graduate Department ng Western Leyte College sa kanilang karunungan, inspirasyon, at walang sawang pagtataguyod ng isang kapaligirang akademiko na naglalayong linangin ang kaalaman at kasanayan ng bawat mag-aaral. Lubos ang pasasalamat sa mga miyembro ng Thesis Committee at ng Lupon ng Tagasuri na pinangungunahan ni Dr. Bryant C. Acar, Tagapangulo at Tagatala ng Pre at Oral Examination Panel, kasama sina Dr. Annabelle A. Wenceslao at Dr. Elvin H. Wenceslao, para sa kanilang makabuluhang puna at mahahalagang mungkahi. Lubos din ang pasasalamat sa pamunuan ng Rustico Capahi Sr. Memorial National High School, sa pangunguna ng aming punong-guro, Leila A. Cormanes, sa pagbibigay ng pahintulot na maisagawa ang pag-aaral sa paaralan, gayundin sa mga guro at mag-aaral na boluntaryong lumahok bilang mga kalahok sa pananaliksik na ito. Lubos din ang pasasalamat ng mananaliksik sa kanyang pamilya, sa kanyang ama na si Michael Enero, kapatid na si May-Ann, at sa kanyang kasintahan na si Jan Marco na walang sawang sumuporta at umunawa sa bawat yugto ng paglalakbay na ito. Salamat sa inyong pagmamahal, sakripisyo, at paniniwala sa aking kakayahan na siyang

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

nagtulak sa akin upang magpatuloy at tapusin ang pag-aaral na ito. At sa lahat ng hindi nabanggit subalit naging bahagi ng aking pananaliksik, maraming, maraming salamat po. Hiigit sa lahat, ang pananaliksik na ito ay iniaalay ng mananaliksik sa lahat ng mga mag-aaral na patuloy na nagsusumikap matuto sa kabila ng mga hamon ng makabagong panahon, at sa lahat ng mga gurong hindi nagsasawang gumabay at magtaguyod ng de-kalidad na edukasyon tungo sa tagumpay ng bawat kabataan.

## REFERENCES

[1] Alonzo, M. (2022). Differentiated small-group instruction and reading comprehension gains among early graders. International Journal of Learning, Teaching and Educational Research, 21(3), 45–58.

[2] Asemanyi, A. A. (2015). An Assessment of Students' Performance in Communication Skills: A Case Study of the University of Education Winneba. Journal of Education and Practice, 6(35), 1-7.

[3] Bakar, Noor Idayu Abu, Nooreen Noordin, and Abu Bakar Razali. "Improving Oral Communicative Competence in English Using Project-Based Learning Activities." English Language Teaching 12.4 (2019):73-84.

[4] Bangelisan, K. at Eslit, E. (2018). Speaking and listening skills of senior high school students: Basis for communication enhancement program. mula sa http://dx.doi.org/10.13140/RG.2.2.25281.66402

[5] Barnes, D., & Todd, F. (2021). Communication and learning revisited: Making meaning through talk. Taylor & Francis.

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

[6] Basmayor, E. (2024). Information and communication technology (ICT): Teacher perceptions and classroom application. Philippine Journal of Teaching and Learning, 6(1), 77–92. https://ejournals.ph/article.php?id=27252

[7] Berns, M. S. (1990). Contexts of competence: Social and cultural considerations in communicative language teaching. New York, NY: Plenum.

[8] Borong, N. & Yamson, S. (2023). Digital storytelling as a method for teaching writing skills. Multidisciplinary Science Journal. https://doi.org/10.31893/multiscience .2023063

[9] Brasileño, I., & Bidad, W. D. (2023). The state of ICT integration in the school learning system in junior high schools in General Santos City – Philippines. International Journal of Interdisciplinary Studies (SIJIS), 2(3). https://doi.org/10.51798/sijis.v2i3.114

[10] Cabardo, J., & Tan, C. (2023). Guided reading approach and literacy growth of early graders in Philippine public schools. Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences, 10(1), 25–33.

[11] Cabasan, R. A. A. (2024). Closing the digital gap among high school students: Strategies for digital inclusion. Philippine Journal of Education and Innovation, 7(2), 45–60. https://ejournals.ph/article.php?id=24131

[12] Canale, M., & Swain, M. (1980). Theoretical bases of communicative approaches to second language teaching and testing. Applied linguistics, 1(1), 1-47.

[13] Candlin, C. (1978). Teaching of English: Principles and an exercise typology. London, England: Langenscheidt-Longman.

[14] Chomsky, N. (1959). A review of B. F. Skinner's Verbal Behavior. Language, 35(1), 26–58. Habermas, J. (1970). Toward a theory of communicative competence. Inquiry, 13(1–4), 360–75

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

[15] Cotez, A. (2016). Communication strategies of senior high school students towards the improvement of their english oral communication. Di-nailathalang tesis. Unibersidad ng Pilipinas (UP), Cebu City.

[16] Courtney, M., & Colleagues. (2022). The influence of ICT use and related attitudes on student achievement: A meta-analysis. Large-Scale Assessments in Education, 10(1), Article 6. https://largescaleassessmentsineducation.springeropen.com/articles/10.1186/s40536-022-00128-6

[17] Cruz, N. (2019). Improving the oral communication skills of senior high school students through the use of task-based strategy. Action Research,Domalandan Center Integrated School, Lingayen, Pangasinan.

[18] DepEd (2022). Early Language, Literacy and Numeracy (ELLN) Framework. Department of Education, Philippines.

[19] Dimbleby, R., & Burton, G. (2020). More than words: An introduction to communication. Routledge.

[20] Dreisbach, J. L. (2020). ANG TEORYA NG AKOMODASYON SA KOMUNIKASYON BILANG BATAYANG KAISIPAN SA PAG-AARAL NG MULTILINGGUWAL AT MULTIKULTURAL NA ARALING FILIPINO. DALUMAT E-Journal, 6(1), 1-1.

[21] Fountas, I. C., & Pinnell, G. S. (2017). Guided Reading: Responsive Teaching Across the Grades. Heinemann.

[22] Gannaban, M. F. E. (2020). Mga Teorya sa Gramatika at Wika, Salalayan sa Pagtuturo ng Filipino. DALUMAT E-Journal, 6(2), 1-1.

[23] Garcia at Reyes (2021)

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

[24] Garrote, R. A. (2024). Information Communication Technology's influence on classroom engagement and academic performance. International Research Journal of Education (IRJED), 3(1), 12–28. https://journal.aide-inc.net/index.php/aide-irj/article/view/163

[25] Giva, J., Fortich, C., & Paet, S. M. (2020). GAMPANIN NG WIKANG FILIPINO SA PAGPAPALAGANAP NG IMPORMASYON BILANG TUGON SA COVID-19 SA LUNGSOD QUEZON. GAMPANIN NG WIKANG FILIPINO SA PAGPAPALAGANAP NG IMPORMASYON BILANG TUGON SA COVID-19 SA LUNGSOD QUEZON, 1(1).

[26] Huang, Y., & Liao, H. (2021). Before–during–after reading strategies and their impact on comprehension and retention. Journal of Language and Literacy Education, 17(2), 89–103.

[27] Hymes, D. (1972). On communicative competence. In J. Pride & J. Holmes (Eds.), Sociolinguistics (pp. 269–93). Harmondsworth, England: Penguin Books.

[28] Kapur, R. (2018). Factors influencing the students' academic performance in secondary schools in India. University of Delhi.

[29] Kisel, O. V., Dubskikh, A. I., Lomakina, Y. A., Butova, A. V., & Potrikeeva, E. S. (2019). Differentiated approach as a factor on development of students' professional communicative competence. Amazonia Investiga, 8(19), 287-297.

[30] Korpershoek, H., Canrinus, E. T., Fokkens-Bruinsma, M., & de Boer, H. (2020). The relationships between school belonging and students' motivational, social- emotional, behavioural, and academic outcomes in secondary education: A meta- analytic review. Research Papers in Education, 35(6), 641-680.

**************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
**************************************************************************************************

[31] Kowalewski, S., & Halasz, M. E. (2019). Why are written communication skills important for business students?. Archives of Business Research, 7(2), 95–102. https://doi.org/10.14738/abr.72.6140

[32] Legaspi, M. (2020). Epekto sa paggamit ng makabagong panulaan sa kasanayang pasalita ng mga mag-aaral sa senior high school. Di-nailathalang Tesis. Southern Leyte State University-Tomas Oppus, San Isidro, Tomas Oppus, Southern Leyte.

[33] Mandado, J. (2020). Ang penomenong awiting Visayan Popular o (VisPop) sa kabatang Sebwano at ilang usaping wika at kultura. American Journal of humanities and social sciences research, 4(11), 188-195. Retrieved mula sa https://www.ajhssr.com/wpcontent/uploads/2020/11/W20411188195.pdf

[34] Martin Sanz, N., & Rodrigo, I. (2017). Exploring Academic Performance: Looking beyond Numerical Grades. Universal Journal of Educational Research, 5(7), 1105-1112.

[35] Misa, R. M. KAKAYAHAN SA PANGGRAMATIKANG FILIPINO NG MGA MAG- AARAL NG GRADE 9 LABORATORY HIGH SCHOOL NG PRESIDENT RAMON MAGSAYSAY STATE UNIVERSITY.

[36] Nation, I. S. P. (2022). Learning Vocabulary in Another Language (3rd ed.). Cambridge University Press.

[37] Opoola, B. T., & Fatiloro, O. F. (2014). On Communicative Competence and Students' Performance in English Language. The International Journal of Engineering and Science (IJES), 3(8), 65-68.

[38] Oyedele, V. at Chikwature, W. (2016). English composition writing skills at ordinary level and its effect on students' performance in three day secondary schools in mutare

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

***************************************************************************************************************
district, manicaland. European Journal of English Language, Linguistics and Literature, 3(1).

[39] Philippine Institute for Development Studies. (2024, January 30). Bridging the digital divide: PIDS study reveals path to universal broadband in the Philippines (Press release). Philippine Institute for Development Studies. https://www.pids.gov.ph/details/news/press-releases/bridging-digital-divide-pids-study-reveals-path-to-universal-broadband-in-ph

[40] Raptoul, E., Stamatis, P., at Raptis, N. (2017). Communication as an educational skill in school units of the 21st Century: A survey research century: A survey research. Asian Education Studies, 2(2). Retrieved from https://doi.org/10.20849/aes.v2i2.153

[41] Rasinski, T. V., & Padak, N. D. (2017). Effective Reading Strategies: Teaching Children Who Find Reading Difficult. Pearson.

[42] Sandigan, A. P. D. (2018). Oral Communicative Competence of Filipino College Students: Levels, Correlates, and Characteristics. International Journal of English Literature and Social Sciences, 3(5).

[43] Saul, A. J. G., Capiz, J. R. D., & Milan, K. C. (2020). Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilinang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. Asia Pacific Higher Education Research Journal (APHERJ), 7(1).

[44] Savignon, S. J. (2018). Communicative competence. The TESOL encyclopedia of English language teaching, 1-7.

[45] Septimo, V. J., & Cancio, B. L. (2024). Teaching competence and Information and Communication Technology integration (ICT) of private schools in Davao City.

***************************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
***************************************************************************************************************

****************************************************************************************************

International Journal of Innovative Science and Research Technology, 9(4). https://doi.org/10.38124/ijisrt/IJISRT24APR1670

[46] VARONA, F., & MANDADO, J. O. Ang Kasanayang Pasalita Gamit ang Kagamitang Multimidya sa Antas Tersyarya.

[47] Villanueva, J. A. R., Redmond, P., Galligan, L., & Eacersall, D. (2024). Investigating blended learning interactions in Philippine schools through the community of inquiry framework. Asia Pacific Education Review, 25(4), 813-828. https://doi.org/10.1007/s12564-023-09826-4Waisbord, S. (2019). Communication: A post-discipline. John Wiley & Sons.

[48] Wang-Taylor, Y., & Milton, J. (2019). Predicting international students' academic success with vocabulary and intercultural communicative competence. Journal of Applied Linguistics, (32), 83-101.

[49] Zamora, N. C. L. Pedagohikal Na Gramar Ng Sinugbuanong Binisaya: Balangkas Ng Mga Gawaing Komunikatibo Sa Pagtuturo-Pagkatuto Ng Filipino.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

**AUTHOR'S PROFILE**



**MS. MICAH B. ENERO**

Ang may-akda ng pananaliksik na ito ay si Micah B. Enero, ipinanganak noong Hulyo 21, 1995. Siya ay isang lisensyadong guro at kasalukuyang nagtuturo ng Araling Panlipunan sa Junior High School ng Paaralang Sekundarya ng Rustico Capahi Sr. Memorial na matatagpuan sa Barangay Sabang Bao, Lungsod ng Ormoc, Leyte.

Mula sa kaniyang kabataan, ipinamalas na niya ang kasipagan at dedikasyon sa pag-aaral. Siya ay kinilalang isang masigasig at natatanging mag-aaral noong elementarya at mataas na paaralan. Sa antas tersyarya, siya ay naging iskolar sa akademiko sa St. Peter's College of Ormoc, kung saan nagtapos ng kursong Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon, may espesyalisasyon sa Filipino noong taong 2017. Sa parehong taon, matagumpay niyang naipasa ang Pambansang Pagsusulit para sa Lisensiyadong Guro (LET) habang siya ay nagtuturo na sa Junior High School ng nasabing kolehiyo.

Noong taong 2020, siya ay lumipat sa pampublikong paaralan at doon higit pang nahubog ang kanyang kakayahan bilang isang dedikado at may malasakit na guro. Sa kasagsagan ng pandemya, isa siya sa mga gurong buong pusong naglakbay sa iba't ibang lugar upang maihatid ang mga modyul ng pagkatuto sa mga mag-aaral, sa kabila ng mga panganib at hamon ng panahong iyon.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue II**
**November 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Bukod sa kanyang karanasan at dedikasyon, siya ay patuloy na nagpapalawak ng kanyang kaalaman at kasanayan. Siya rin ay kasalukuyang kumukuha ng Masterado sa Sining ng Edukasyon, may espesyalisasyon sa Filipino sa Western Leyte College sa Lungsod ng Ormoc.

Sa kanyang mga taon ng pagtuturo, napagtanto niya ang mahalagang papel ng makabagong teknolohiya sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon, lalo na sa paglinang ng kasanayan, interes, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Araling Panlipunan. Bilang isang guro, isinasabuhay niya ang makabago, makabuluhan, at kapaki-pakinabang na estratehiya sa klasrum, kabilang na ang mabisang paggamit ng Information and Communications Technology (ICT) sa pagtuturo.

Ang pananaliksik na ito ay bunga ng kanyang taos-pusong hangaring makapag-ambag sa patuloy na pag-unlad ng edukasyon sa Pilipinas, lalo na sa larangan ng pampublikong paaralan, sa pamamagitan ng epektibong integrasyon ng ICT upang mapaunlad ang pagganap ng mga mag-aaral sa makabagong panahon.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza